

# NEW SINGIL SA STORMWATER



Ang Singil sa Stormwater Sa Brampton ay magsisimula mula Hunyo 1, 2020 at karamihan sa mga may-ari ng propyedad ay makikita ang unang Mga Singil sa Stormwater sa mga bill ng tubig sa Agosto 2020.

## **ANO ANG STORMWATER?**

Ang Stormwater, na tinatawag ding runoff, ay ang ulan at natunaw na niyebe na dumadaloy mula sa ating mga propyedad papunta sa mga kalye at papasok sa sistema ng pamamahala ng stormwater na kinabibilangan ng higit sa 1400 kilometro ng mga sewer pipe ng bagyo at 180 pond ng stormwater.

## **BAKIT KAILANGAN KONG MAGBAYAD PARA SA SINGIL NA ITO?**

Ang taunang singil sa stormwater ay sisingilin sa apat na installment sa bill ng tubig para sa karamihan sa mga may-ari ng propyedad. Ang singil ay ibabatay sa halaga ng stormwater runoff mula sa iyong propyedad. Mas matigas ang surface sa iyong propyedad, mas maraming stormwater runoff mula sa iyong propyedad. Ang Singil sa Stormwater ng Brampton ay magsisimula mula Hunyo 1, 2020 at karamihan sa mga may-ari ng propyedad ay makikita ang unang mga Singil sa Stormwater sa kanilang mga bill ng tubig sa Agosto 2020.

## **MAGKANO ANG BABAYARAN KO?**

Ang taunang singil sa stormwater ay sisingilin sa apat na installment sa bill ng tubig para sa karamihan sa mga may-ari ng propyedad. Ang singil ay ibabatay sa halaga ng stormwater runoff mula sa iyong propyedad. Mas matigas ang surface sa iyong propyedad, mas maraming stormwater runoff mula sa iyong propyedad.

## Single-family na mga pantirahang propyedad

Flat rate na batay sa kategorya ng propyedad.

Kategorya ng Pantirahang Propyedad	Sukat ng bubungan	Flat Rate (kada taon)
Sobrang Liit	23.4 - 105	\$ 44.50
Maliit	106 - 140	\$ 62.30
Katamtaman	141 - 220	\$ 89.00
Malaki	221 - 250	\$ 115.70
Napakalaki	Higit sa 250	\$ 160.20

## Hindi pantirahan at pantirahan ng maramihang pamilya

Ang halagang sinisingil ay batay sa kada kwadrado metro ng bawat propyedad

Kategorya ng Propyedad na Pantirahan ng Maraming Pamilya / Hindi Pantirahan	Unit Rate (kada taon)
Kada kwadrado metro	\$0.38

Ang isang online na pantantiyang tool sa singil sa stormwater ay magpapahintulot sa iyo na maghanap para sa iyong address, at suriin kung paano kinalkula ang iyong singil sa stormwater.

### PAANO KUNG MALI AKONG NASINGIL?

Kung nasingil ka nang hindi tama, o sa kamalian, papayagan kang mag-file ng hiling para sa pagtutuwid.

### MAY MGA DISKWENTO BA?

Ang ilang propyedad ay maaaring karapat-dapat para sa subsidy o bawas sa bayarin.

### ANO ANG MAIPAPAKITA SA AKING BILL?

Ang bill sa tubig ng Rehiyon ng Peel ay magpapakita ng sumusunod:

- Singil sa Stormwater sa Brampton
- Ang arawang rate na sinisingil
- Ang kabuuang bilang ng mga araw na sinisingil
- Anumang mga bawas na inilapat sa singil sa stormwater, at
- Ang kabuuang halaga na dapat bayaran sa Singil sa Stormwater.

Para sa karagdagang impormasyon sa singil sa stormwater, pumunta sa

[www.brampton.ca/stormwater](http://www.brampton.ca/stormwater)



30270-I-0079

